

Talumpati ni Marco Escalona

Sa ating panauhing tagapagsalita, si Ginoong Horacio "Howie" Severino, sa bumubuo ng Board of Trustees, sa minamahal naming pangulo, Padre Jose Ramon T. Villarín ng Kapisanan ni Hesus, sa aming butihing punungguro, Padre Emerito Salustiano R. De La Rama ng Kapisanan ni Hesus, sa kapita-pitagang mga administrador at kawani ng pamantasan, sa aming mga masigasig na guro, sa aming pinakamamahal na magulang at higit sa lahat, sa mga kapwa ko Atenista na magsisipagtapos ngayong araw na ito - isang mainit na pagbati sa inyong lahat.

Sa espesyal na araw na ito, sigurado akong masayang-masaya ang bawat isa sa atin. Anim na taon din nating inasam-asam ang araw na ito, hindi ba? Ngunit ngayong tayo nga ay magtatapos na, aba, may pagkalungkot din palang pakiramdam! Nakakasenti, ika nga!

Tila kay bilis ng panahong lumipas ngayon, tayo'y magbabalik-tanaw sa magagandang karanasan dito sa AGS. Sariwa pa sa ating alaala ang mga gawain nating pampaaralan tulad ng BluePlate, ang programang nagbibigay ng pagkakataong makapagbahagi sa mga mag-aaral ng pampublikong paaralan, at ang programang Bigay Puso o pagbibigay tulong pang-edukasyon at pinansiyal sa mga itinakdang iskolar ng ika-anim na baitang. Sa mga programang ito, nasanay tayo sa maayos na pakikisalamuha sa kapwa at pagdamay sa mga nangangailangan. Tunay na napakagandang karanasan ang tumulong at magbigay-saya sa ibang tao!

Sariwa rin sa ating alaala ang masasaya at hindi malilimutang pagdiriwang sa paaralan tulad ng Teacher's Day kung saan naging guro ang ilan sa atin, ang ating Class Night na punung-puno ng kasiyahan at maging katatakutan mula sa mga *horror movies* ng ating mga kaklase, ang ating Salu-Salo na marami tiyak ang nagpakitang gilas ng kanilang talento habang pinanonood ng kanilang mga magulang, ito ang mga pagkakataong ipinaranas sa ating upang lubos na mapahalagahan ang ating mga kamag-aral, kaibigan, guro, at pamilya.

Naging pangalawang tahanan natin ang AGS. Dito nabuo ang malaking bahagi ng ating pagkatao sa mahabang panahon ng pamamalagi rito. Atenistang Totoo: May Bukas na Puso Kahit Kanino, ang temang ito ng ating pagtatapos ay hindi na bago sa atin ngunit magsisilbing hamon pa rin hanggang sa ating pagtanda. Sa ating pagsulong papuntang mataas na paaralan taglayin natin ang kabutihang asal na itinuro at ibinahagi sa atin ng ating mga guro. Ang ating puso at isip ay hinubog upang tayo ay maging tao- para-sa-kapwa at may bukas na puso kahit kanino.

Kaya naman sa araw na ito, walang humpay na pasasalamat din ang nais nating ialay sa mga taong nagmalasakit upang maisakatuparan ang pangarap nating makapagtapos sa mababang paaralan. Buong pusong pasasalamat sa ating mga guro, sa kanilang paggabay at pagbabahagi ng kaalaman. Sa ating mga minamahal na magulang na ngayo'y saksi sa ating paunang tagumpay, sa kanilang walang sawang pagtugon sa ating mga pangangailangan, at sa araw-araw na inspirasyon at pagbibigay ng pag-asa. At higit

sa lahat, taus-pusong pasasalamat sa ating mahal na Panginoong Hesus, na nagbigay sa atin ng buhay, lakas at talino. Nawa'y gamitin natin ang lakas at talinong ito ayon sa kanyang kagustuhan at para sa kabutihan at ikauunlad ng lahat.

Katulad ng liriko ng awiting, "Thank You Once Again" na may mensahe ng pasasalamat, hayaan ninyong isinalin ko ito sa wikang Filipino,

*Salamat sa awit ng buhay, lakbay sa pag-ibig ng Diyos
Salamat sa payo't pangaral, pagmamahal at tiwala ang nabuo n'yo
Salamat ni minsan di nagmintis, salamat o kay buti n'yo
At kung minsa'y muling magkita pa, ay aawitan muli kayo!*

AD MAJOREM DEI GLORIAM, ALL FOR THE GREATER GLORY OF GOD. Muli, isang magandang umaga at maraming salamat sa inyong lahat!